5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Aralin 2

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM**
**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Grade 5**
**Pinagmulan ng Pilipinas**
**Kuwarter 1: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang pagpapatupad o implementasyon ng MATATAG K-10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Mark Ian C. Tagami, MAEd

**Tagasuri:** Marivic M. Pimentel, Ph.D.

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN/ UNANG MARKAHAN ARALIN 2 - LINGGO 2 / BAITANG 5**

| *I.* **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| *A.* **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pinagmulan ng Pilipinas at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng presentasyon ukol sa pinagmulan ng Pilipinas at ng lahing Pilipino at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Natutukoy ang pinagmulan ng Pilipinas batay sa agham, kaalamang bayan, at relihiyon**<br>1 Nailalahad ang iba't ibang mga teorya sa pagkakabuo ng kapuluan at pinagmulan ng Pilipinas<br>2. Natatalakay ang mga mito sa pagkakabuo ng kapuluan at ng Pilipinas<br>3. Nailalahad ang mga paniniwalang panrelihiyon sa pagkakabuo ng kapuluan at pinagmulan ng Pilipinas<br>4. Naibabahagi ang mga saloobin hinggil sa pagkakabuo ng Pilipinas |
| **C. Nilalaman** | **Pinagmulan ng Pilipinas**<br>1. Pinagmulan ng Pilipinas<br>a. Agham<br>Volcanic Theory<br>Plate Tectonic Theory<br>b. Kaalamang Bayan (hal. Alamat, Kuwentong Bayan) |
| **D. Integrasyon** | SDG #4: Quality Education<br>Cultural identity<br>Customs and traditions<br>Science<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

| II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto | |
|---|---|
| | Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br><br>______ (2011). Pinagmulan ng Lahing Pilipino. Slideshare. https://www.slideshare.net/siredching/pinagmulan-ng-lahing-pilipino.<br><br>________. Ang Alamat ng Pilipinas. Mitolohiya StoryBoardThat https://www.storyboardthat.com/storyboards/2e54881c/alamat-ng-pilipinas#<br><br>______ (2020). Aral Pan5 - q1 - Mod2 - Pinagmulan-Ng-Pagkakabuo-Ng-Pilipinas-Batay-Sa-Teorya, -Mitolohiya,-At - Relihiyon - v3. Scribd. https://www.scribd.com/document/472223497/aral-pan5-q1-mod2-pinagmulan-ng-pagkakabuo-ng-pilipinas-batay-sa-teorya-mitolohiya-at-relihiyon-v3<br><br>_________ (2018). Grade 5 Lesson 2 Teorya ng Pinagmulan ng Pilipinas. https://drcilearn.com/wp-content/uploads/2020/09/Grade-5-Lesson-2-Teorya-ng-pinagmulan-ng-Pilipinas.pdf<br><br>Agno, L. N., Tadena, R. D., Balonso, C. E., & Dela Cruz, M. M. (2016). Kultura, Kasaysayan at Kabuhayan 5. Vibal Group, Inc.<br><br>Asuncion, M. (2017). Mga Teorya ng Pinagmulan ng Pilipinas. Scribd. https://www.slideshare.net/mariajessicaasuncion/mga-teorya-ng-pinagmulan-ng-pilipinas-continental-drift-79185353<br><br>Castillo, M. (2015). Maalamat na pinag mulan ng Pilipinas. Slideshare. https://www.slideshare.net/monicole15/maalamat-na-pinag-mulan-ng-pilipinas<br><br>Calvadores, L. (2019). Teorya ng Pinagmulan ng Pilipinas. Scribd. https://www.slideshare.net/LinaCalvadores/teorya-ng-pinagmulan-ng-pilipinaspptx<br><br>Celeste, E. (2022). Araling Panlipunan Grade 5 Module 1.2. Scribd. https://www.scribd.com/document/612287515/GRADE-5-M2<br><br>Fajardo, J. U., Evangelista, E. G., Dela Cruz, EJ. L., Villegas, JA. B., Barcelon, VE. C., Belarde, R. R. & Villegas, JA. B. (2023) Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. REX Book Store.<br><br>Liwanag, A. (2020). AP-5 Q1 Mod2 Pinagmulan-ng-Pilipinas PDF. Scribd. |

https://www.scribd.com/document/478613914/AP-5-Q1-Mod2-Pinagmulan-ng-Pilipinas-pdf

Maycong, M. (2015). Mga Teorya ng Pinagmulan ng Ating Kapuluan. Scribd. https://www.slideshare.net/MariaLuisaMaycong/mga-teorya-ng-pinagmulan-ng-ating-kapuluan

Oliveros, R. D., Yumol, C. V., & Andaquig, JP. E. (2015). Kasaysayan ng Mamamayan ng Pilipinas Ang Pagbubuo ng Pilipinas Bilang Nasyon. IBON Foundation, Inc.

Reyes, A. (2021). Lesson 5 Teoryang Pinagmulan ng Pilipinas. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/532609129/Lesson-5-Teoryang-Pinagmulan-Ng-Pilipinas

Tubola, A. (2021). Lesson Plan in Aralin Panlipunan. Scribd. https://www.scribd.com/document/539561729/lesson-plan-in-aralin-panlipunan

Villanueva, Voltaire M. 2018. #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

Ang mga larawan ay mula sa:

f4bafe40e41f48384b7120d97c34dc47.jpg (736×636) (pinimg.com)

256px-PHL_orthographic.svg_.png (256×256) (introtoglobalstudies.com)

http://www.vidiani.com/maps/maps_of_asia/maps_of_southeast_asia/large_scale_political_map_of_Southeast_Asia_with_capitals_and_major_cities_2013.jpg

47c570b21aa1e5411e8e61debd80b884.jpg (1500×858) (pinimg.com)

Massive-Volcanic-Eruption-Stromboli.jpg (2000×1400) (scitechdaily.com)

lupaing-tulay_17826382303_o.jpg (1764×1712) (philippineculturaleducation.com.ph)


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman<br>(Mind & Mood)</td>
<td>

**MUNTING BALIK-ARAL**
**Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:**

**Gawain 1: SURI-MAPA-GLOBO**
***Unang Araw***

Susuriin ng mga mag-aaral ang globo at mapa at sagutin ang mga sumusunod na tanong sa ibaba.






Kuha sa:f4bafe40e41f48384b7120d97c34dc47.jpg (736×636) (pinimg.com)
256px-PHL_orthographic.svg_.png (256×256) (introtoglobalstudies.com)

1. Saan matatagpuan ang Pilipinas sa Asya?sa mundo?
2. Bakit mahalagang malaman ang kinalalagyan ng Pilipinas?
3. Paano mailalarawan ang katangian ng Pilipinas bilang isang arkipelago?
4. Paano nabuo ang kapuluan ng Pilipinas?

</td>
<td>Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na magdagdag pa ng angkop na gawain para sa mga mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 2: K-W-H-L CHART (#iKuwento, Wariin, Hanapin, Lagumin):**<br>***Unang Araw***<br><br>Pasasagutan sa mga mag-aaral ang unang kolum **K- Ano-ano ang nalalaman ko**? at ang ikalawang kolum **W- Ano-ano ang gusto ko pang malaman?,** samantalang ang ikatlo at ikaapat na kolum ay sasagutin ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. | Sa bahaging ito, maaaring gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa paggawa nito sa tulong ng naaangkop na katanungan o *hints/clues.* |

**PINAGMULAN NG PILIPINAS**


| Ano-ano ang nalalaman ko? **K** | Ano-ano ang gusto ko pang malaman? **W** | Paano ko pa ito matututunan? **H** | Ano-ano ang natutuhan ko? **L** |
|---|---|---|---|
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ | ____________________ |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br>*(Aims)* | **Gawin ang sumusunod na gawain sa interaktibong pamamaraan:**<br><br>**Gawain 3:KONSEPTO-LOKASYON**<br>***Unang Araw***<br><br>Panuto:<br>A. Isusulat ng mga mag-aaral ang tamang sagot sa patlang na makikita sa kanilang sagutang papel.<br>1. Ang ____________ ay isang anyong lupa na napapalibutan ng katubigan tulad ng Pilipinas na may 7641 malalaki at maliliit na pulo..<br>2. Ang ____________ ay ang pagtukoy sa isang lugar o bansa na nakabatay sa mga kalupaan at katubigang nakapaligid dito.<br>3. Ang ____________ay tumutukoy sa kinaroroonan ng isang lugar sa pamamagitan ng pag-alam ng mga bansang nakapaligid dito o hangganan ng lupain nito.<br>4. Ang ____________ ay nakabatay sa pagtukoy ng mga katubigan na nakapaligid sa isang bansa o lugar.<br>5. Ang ____________ ay tumutukoy sa tiyak na kinalalagyan ng isang bagay o lugar.<br><br>B. Piliin ang direksyong kinalalagyan ng mga sumusunod na kalupaan at katubigang nakapalibot sa Pilipinas. Titik lamang ang isulat **H**-Hilaga, **K**- Kanluran, **T**-Timog, at **S**–Silangan.<br><br><br>Pinagmulan:large_scale_political_map_of_Southeast_Asia_with_capitals_and_major_cities_2013.jpg (2560×2995) (vidiani.com) | Ang guro ay may kalayaan na magdagdag pa ng angkop na gawain para sa mga mag-aaral.<br><br>Susing sagot:<br>A.<br>1. arkipelago o kapuluan<br>2. relatibong lokasyon (relative location)<br>3. bisinal na lokasyon (vicinal location)<br>4. insular na lokasyon (insular location)<br>5. lokasyon<br><br>B.<br>1. H<br>2. T<br>3. S<br>4. K<br>5. K<br>6. S<br>7. T<br>8. H<br>9. S<br>10.K |


| | | |
|---|---|---|
| | Bisinal na Lokasyon<br>_______1. Taiwan<br>_______2. Indonesia<br>_______3. Guam<br>_______4. Vietnam<br>_______5. Thailand<br><br>Insular na Lokasyon<br>_______6. Karagatang Pasipiko<br>_______7. Dagat Celebes<br>_______8. Luzon Strait<br>_______9. Dagat Pilipinas<br>_______10. Kanlurang Dagat ng Pilipinas<br><br>**Gawain 4: BUO-SALITA (#Susing Salita ng Aralin):**<br>***Unang Araw***<br><br>Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga konsepto tungkol sa aralin.<br><br>Panuto: Aayusin ang mga mag-aaral ang mga letra o *jumbled letters* upang mabuo ang tamang salita sa tulong ng mga pahayag o paliwanag na may kaugnayan sa aralin. Isusulat ang tamang sagot sa sagutang papel.<br><br>1. YAORET - itinuturing bilang tama o tumpak, na maaaring gamitin bilang mga prinsipyo ng paliwanag at prediksiyon.<br>2. IMOTOLIHAY- sali-salimuot na kuwento na ang layunin ay maipaliwanag ang sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay.<br>3. ONKTINENET - isang malaking tipak o bahagi ng lupa o lupalop.<br>4. OBOGAB - mga katutubong naniniwala na si Melu, ang kanilang diyos ang gumawa ng Pilipinas.<br>5. SOYID - pinaniniwalaan ng relihiyon na siya ang gumawa ng daigdig kasama ang Pilipinas. | Sa bahaging *Buo-Salita,* ang guro ay may kalayaang gumamit ng naaayon na *technique* para sa pagsasagawa nito.<br>Susing Sagot:<br>1. TEORYA<br>2. MITOLOHIYA<br>3. KONTINENTE<br>4. BAGOBO<br>5. DIYOS |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** *(Tasks and Thought)* | **KONSEPTO 1: PINAGMULAN NG PILIPINAS**<br>***Ikalawang Araw***<br><br>Maraming teorya tungkol sa pinagmulan ng Pilipinas? Ngunit, ano nga ba ang teorya? Ang teorya ay isang paliwanag tungkol sa isang penomena o pangyayari na itinuturing bilang tama o tumpak na maaaring gamitin bilang prinsipyo ng paliwanag o prediksyon. Dagdag pa dito, ang teorya ay maaaring pundamental na batas, doktrina o paniniwala bilang sagot, paliwanag o gabay sa inoobserbahan o pinag-aaralang impormasyon o datos.<br><br>**AGHAM**<br><br>Sinasabi na ang teorya ay makaagham at hindi pa lubos na napatutunayang totoo ang mga nasabing paliwanag. Sa kasalukuyan, may mga teoryang naglalarawan ng pinagmulan ng mga lupain sa daigdig kabilang na ang pinagmulan ng Pilipinas.<br><br>1. **Teoryang Bulkanismo o Pacific Theory**- Ayon kay Dr. Bailey Willis, isang Amerikanong heologo *(geologist)*, ang Pilipinas ay nabuo bunsod ng pagputok ng mga bulkan sa ilalim ng karagatan. Nabuo ang Pilipinas sa pagsabog ng *Pacific Basin*. Ipinalalagay na patunay nito ang pagkakatulad ng kalupaan ng kabundukan sa Pilipinas at ng mga batong nasa ilalim ng dagat. Matatagpuan ang Pilipinas sa tinatawag na Pacific Ring of Fire, isang grupo ng mga lupain sa Pasipiko kung saan madalas ang pagsabog ng bulkan, ayon sa mga siyentipiko.<br><br><br><br>**2. Teoryang Plate Tectonics**- Nabuo ang teoryang ito dahil sa pinagsama-samang ideya na bunga ng masusing pananaliksik at pag-aaral ng mga siyentipiko. Ayon sa kanila, ang *crust* ng daigdig ay binubuo ng malalaki at makakapal na **tectonic plate.** Maihahalintulad sa bahagi ng ng isang jigsaw puzzle ang kalupaan ng | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.<br><br>(Maaari ring basahin ang iba pang mga impormasyon t kung paano tinalakay ang tungkol sa pinagmulan ng Pilipinas tulad ng sa T*he Bottom-of-the-Sea Theory, Continental Drift Theory, Asiatic Theory)*<br><br>Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro kung papaano isinasagawa ang prosesong ito |

daigdig. Nakatungtong ang mga kontinente at karagatan ng daigdig sa malalaking tectonic plate na tinatawag na **continental plate**. Patuloy sa paggalaw at pag-ikot sa mainit na magma ang mga plate tectonic na ito. At ang pagbabanggaan ng mga tectonic plate ang naging dahilan ng pagkakabuo ng mga bundok, isla at bulkan. Naging sanhi din ito ng pagsabog ng bulkan, lindol, rock formation at tsunami. Ang kapuluan ng Pilipinas ay may sariling tectonic plate na tinutungtungan at ipinalalagay ng teoryang Plate Tectonics na nabuo ang kapuluan ng Pilipinas bunga ng paggalaw ng mga continental plate.



**3. Teoryang Tulay na Lupa o Land Bridge Theory**- Isang Austriyanong heologo na si Eduard Suess, ang nagpasimula ng teoryang ito. Ayon sa teoryang ito, nagkaroon ng mga tulay na lupa na nag-uugnay sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Ang ilang bahagi ng Pilipinas ay nakakabit sa mainland o kalakhang Asya sa pamamagitan ng continental shelf. Ang continental shelf ay ang mga lupain sa gilid ng kontinente na bahagyang nakalubog sa tubig na tinatawag na shelf sea. Sa panahon ng Ice Age ay mababa ang antas ng tubig sa karagatan at ang ilang bahagi ng kalakhang Asya at ang Pilipinas ay pinagdurugtong ng tulay na lupa. Natunaw ang mga yelo sa pagdaan ng panahon kaya tumaas ang tubig ng karagatan at lumubog ang tulay na lupa. Ang ilang bahagi ng Pilipinas ay lumubog din maging ang mga matataas na lupain ng kapuluan na nakalitaw sa karagatan. Naging mga pulo ito at naging anyo ng kapuluan ng Pilipinas sa kasalukuyan.



**Gawain 5: UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay)**
Panuto: Paghahambingin ng mga mag-aaral ang mga teorya tungkol sa pinagmulan ng kapuluan ng Pilipinas. Pupunan ang talahanayan sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel (mapanuring pag-iisip).

| TEORYA | PALIWANAG |
|---|---|
| ______________________<br>______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| ______________________<br>______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| ______________________<br>______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________<br>______________________ |

Sa mga tinalakay na pinagmulan ng kapuluan ng Pilipinas, alin sa mga ito ang sa palagay mo ang tunay na nagpapaliwanag ng pinagmulan ng Pilipinas? Pumili ng isa at bigyang-katwiran ito *(mapanuring pag-iisip/ pakikipagtalastasan).*
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**KONSEPTO 2: KAALAMANG PAMBAYAN SA PAGKAKABUO NG PILIPINAS**
***Ikatlong Araw***


**KAALAMANG BAYAN**

**MITOLOHIYA**

Ang **mitolohiya** ay mga sali-salimuot na kwento na ang layunin ay maipaliwanag ang sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng

| | | |
|---|---|---|
| | Ayon sa mitolohiya, may tatlong higanteng naglaban-laban gamit ang mga bato at mga dakot ng lupa. Nahulog ito sa dagat at siyang bumuo sa kapuluan ng Pilipinas. Sa paniniwala ng mga Bagobo, nilikha daw ng kanilang diyos na si Melu ang Pilipinas mula sa kanyang libag. Ayon naman sa paniniwala ng mga Manobo, ang daigdig ay mula sa kuko ng kanilang diyos.<br><br>**ALAMAT**<br><br>1. **Higante** - May ilang nagsasabi na ang Pilipinas ay nabuo dahil sa tatlong higante na naglalaban. Sila ay naglaban gamit ang mga bato at mga dakot ng lupa, na nahulog sa dagat na siyang bumuo sa kapuluan.<br><br>2. **Malaking Ibon** - May isa pang alamat tungkol sa pagbuo ng Pilipinas. Ito ay tungkol sa isang malaking ibon.Isang araw napagod ang ibon sa paglipad. Naisipan niya na pag-awayin ang dagat at ang langit para makagawa ng pahingahan niya. Nagtagumpay ang ibon na pag-awayin ang dagat at langit. Dahil sobrang galit at inis, naghagis ng tubig ang dagat at naghulog naman ng malalaking bato ang langit. Tumama ang bato sa tubig.<br><br>Bilang karagdagan, basahin ang matandang kuwento ng mga Bisaya sa ibaba:<br><br>*Ang ibon na si Manaul ay naghanap ng lugar na kanyang mapahihingahan. Sa kanyang paglipad, humingi ng tulong si Manual sa Diyos ng karagatan na si Kapitan at Diyos ng hangin na si Magawayan. Pero dahil puro dagat lang ang natatanaw sa sa kapaligiran ay walang madapuan si Manaul.*<br><br>*Dahil dito, pinag-away niya ang mga diyos ng karagatan at kalangitan. Pinataas ng diyos ng karagatan ang mga alon nito hanggang umabot sa kalangitan. Ipinukol naman ng diyos ang kalangitan ang malalaking bato sa karagatan na nang lumaon ay siyang naging kapuluan ng Pilipinas.*<br>(Pinagmulan: Oliveros et al. 2015)<br><br>**RELIHIYON**- nilikha ng isang makapangyarihang Diyos sang buong sanlibutan kasama na ang bansang Pilipinas. | pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| | **PAMPROSESONG AT PANG-UNAWANG TANONG**<br>Ang mga mag-aaral ay magtatala ng mga maaaring gawin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga pahayag upang maipakitang ang pag-unawa sa kasaysayan.<br><br>1. Ang pagkakaiba ng teorya mula sa mga alamat, mitolohiya at relihiyon ay …<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Bilang isang mamamayang Pilipino, bakit kailangan kong malaman at pag-aralan ang pinagmulan ng Pilipinas dahil…<br>________________________________________<br>________________________________________ | Sa Pamprosesong at Pang-unawang Katanungan, maaaring gawing gabay ng guro ang mga katanungang makikita. Bukod dito, may kalayaan siyang magdagdag pa ng angkop na katanungan. |
| | **Gawain 6: UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay):**<br>Pipili sila ng tatlong pinagmulan ng Pilipinas ayon sa **agham o kaalamang bayan** at ipaliwanag.<br><br> | Sa gawaing ito, ang guro ay maaaring ipagawa ito sa mga mag-aaral ng dalawahan o tatluhan. Maaari ring magbigay ng angkop na katanungan ang guro para mas madaling maiproseso ang nasabing gawain. |

**D. Paglalahat**
***(Abstractions)***

**Gawain 7: K-W-H-L CHART (#iKuwento, Wariin, Hanapin, Lagumin):**

***Ikaapat na Araw***

Sasagutan ng mga mag-aaral ang ang ikatlo kolum, **H -Paano ko pa ito matutuhan?** at ang ikaapat na kolum, L - Ano-ano ang natutuhan ko?

| **PINAGMULAN NG PILIPINAS** | | | |
|---|---|---|---|
| Ano-ano ang nalalaman ko? **K** | Ano-ano ang gusto ko pang malaman? **W** | Paano ko pa ito matututunan? **H** | Ano-ano ang natutuhan ko? **L** |
| ____________ | ____________ | ____________ | ____________ |

**Gawain 8: A-B-K-D (Alpabetong Tampok ay Dunong):**
***Ikaapat na Araw***

Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ilalagom o ibubuod ang mga mahahalagang konseptong napag-aralan, naobserbahan, o naranasan tungkol sa pinagmulan ng Pilipinas. Gawing gabay ang tsart:

| |
|---|
| **A** ng mga konsepto o ideya ay . . . |

Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan o indibidwal. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.

Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.

Ang guro ay may kalayaan rin na **pumili** mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.

Ang guro ay maaaring magbigay ng katanungan dito para mas magabayan pa ang mga mag-aaral.

B [illegible]

K ahalagahan nito sa akin ay . . .

D [illegible]

| | | |
|---|---|---|
| **E. Pagtataya**<br>*(Tools for Assessment)* | **Gawain 9: TAYAHIN ANG NALALAMAN.**<br>***Ikaapat na Araw***<br><br>Panuto: Isulat ang titik ng sagot sa sagutang papel.<br>1. Ang tawag sa malaking masa ng lupa na sinasabing pinagmulan ng Pilipinas.<br>A. crust B. bulkan C. tectonic D. Pangaea<br>2. Ang teoryang tungkol sa unti-unting paggalaw ng mga kalupaan mula sa isang supercontinent.<br>A. Teorya ng Bulkanismo C. Teorya ng Tectonic Plate<br>B. Teorya ng Tulay na Lupa D. Teorya ng Continental Drift<br>3. Ang teoryang nagsasabing nagmula ang Pilipinas sa pagputok ng mga bulkan sa paligid ng Pacific Basin.<br>A. Teorya ng Bulkanismo C. Teorya ng Tectonic Plate<br>B. Teorya ng Tulay na Lupa D. Teorya ng Continental Drift<br>4. Ang mga ideya at posibleng paliwanag na binuo ng mga eksperto batay sa resulta ng kanilang ginawang pag-aaral.<br>A. batas B. teorya C. dekreto D. panukala<br>5. Ayon sa teoryang ito, dating pinagdurugtong ng mga tulay na lupa ang mga pulo ng Pilipinas sa isa't isa.<br>A. Teorya ng Bulkanismo C. Teorya ng Tectonic Plate<br>B. Teorya ng Tulay na Lupa D. Teorya ng Continental Drift<br>6. Ang siyentistang German na naghain ng Continental Drift Theory.<br>A. Johannes Brahms C. Grete Hermann<br>B. Max Planck D. Alfred Wegener<br>7. Ang mga sumusunod ay mga paniniwalang pinagmulan ng Pilipinas. Alin sa mga ito ang paniniwalang pangrelihiyon na sinasabing pinagmulan ng Pilipinas?<br>A. Magkakaugnay ang mga kontinente sa isang malaking kontinente.<br>B. Nabuo ang Pilipinas dahil sa pagputok ng bulkan sa ilalim ng karagatan.<br>C. Isang makapangyarihang manlilikha ang gumawa ng daigdig na kung saan ang Pilipinas ay nabibilang.<br>D. Ang Pilipinas ay bunga ng pagtaas ng lebel ng tubig sa karagatan at natabunan ang mga tulay na lupang nag-uugnay sa mga kapuluan.<br>8. Ang tawag sa mga labi ng halaman at hayop na naging bato dahil sa tagal na pagkakabaon sa lupa.<br>A. bato B. fossil C. teorya D. arkipelago<br>9. Ang siyentistang Amerikano na naniniwalang ang Pilipinas ay nabuo bunsod ng bulkanismo o pagputok ng bulkan sa ilalim ng karagatan.<br>A. Harry Hess C. Ferdinand Magellan<br>B. Alfred Wegener D. Bailey Willis | SUSING SAGOT:<br>1. D<br>2. D<br>3. A<br>4. B<br>5. B<br>6. D<br>7. C<br>8. B<br>9. D<br>10. D<br>11. B<br>12. A<br>13. A<br>14. B<br>15. A<br><br>Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.<br><br>Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang |

10. Ito ang tawag sa lugar sa mundo na maraming aktibong bulkan kaya't maraming paglindol at pagsabog ng bulkan ang nagaganap.
   A. fault C. arkipelago
   B. Pacific Theory D. Pacific Ring of Fire
11. Ito ay tumutukoy ito sa isang kaisipan o paliwanag sa isang mahalagang konsepto gamit ang siyentipikong pamamaraang ng pananaliksik.
   A. fossil B. teorya C. kontinente D. siyentipiko
12. Ang tawag sa malaking masa ng lupa na pinaniniwalaang pinagmulan ng mga kontinente ngayon.
   A. Pangaea B. bulkan C. siyentipiko D. kontinente
13. Ang teorya tungkol sa pagputok ng bulkan sa ilalim ng karagatan.
   A. Teorya ng Bulkanismo C. Teorya ng Tectonic Plate
   B. Teorya ng Tulay na Lupa D. Teorya ng Continental Drift
14. Ang teorya tungkol sa pagkatunaw ng yelo na bumabalot sa malaking bahagi ng South America at Europa dahilan upang lumubog ang ilang kalupaan ng mundo at mga tulay na lupa nito.
   A. Teorya ng Bulkanismo C. Teorya ng Tectonic Plate
   B. Teorya ng Tulay na Lupa D. Teorya ng Continental Drift
15. Batay sa siyensiya, paano nabuo ang kapuluan ng Pilipinas?
   A. Paggalaw ng kalupaan. C. Pag-aaway ng tatlong higante.
   B. Paglalaban ng araw at hangin. D. Pagtatalo ng langit at karagatan.

**Gawain 10: DYORNAL NG KARUNUGAN**

***Ikaapat na Araw***

Ang mga mag-aaral ay isusulat ang kanilang kasagutan sa mahalagang tanong bilang paglalahat sa aralin.

*Kaugnay ng Teorya ng Bulkanismo at Tectonic Plate, matatagpuan ang Pilipinas sa Pacific Ring of Fire kaya palagiang nakararanas ng lindol at pagputok o pagsabog ng bulkan. Sa mga ganitong sitwasyon, ano ang dapat ninyong gawin bilang isang pamilya?*

________________________________________________


________________________________________________

________________________________________________

konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.

Ang guro ay may kalayaan rin na **pumili** mula sa sumusunod na gawain ng kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">____________________________________________</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong pamamaraan</td><td>Problemang naranasan at iba pang usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>G. Pagninilay<br>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo,</td><td colspan="3">GABAY NA TANONG SA PAGNINILAY (Para sa mga mag-aaral)<br><table><tr><td>Ano ang aking naranasan?</td><td></td></tr><tr><td>Ano ang aking naramdaman?</td><td></td></tr><tr><td>Ano ang aking gagawin?</td><td></td></tr></table></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaaring mailagay sa bahaging ito. | **Para Sa Guro**<br>**PASKILATIS (Face and Bo**<br><br><br>Pakiramdam ko, ang linggong ito ay sapagkat<br>________________________________<br>________________________________<br>Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil<br>________________________________<br>________________________________<br>Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa<br>________________________________<br>________________________________ | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** **MARK IAN C. TAGAMI** | ***Sinuri ni:*** **MARIVIC M. PIMENTEL, Ph.D.** |
| ***Institusyon:*** **MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** | ***Institusyon:*** **Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila** |